

1

“Lynn!” malakas na tawag ng Ate Aimee niya. Kinalampag pa nito ang pinto ng kanyang kuwarto. “Halika na at tanghali na tayo.”

“Oo, lalabas na ako. Sandali lang.”

“Kanina ka pa diyan hindi ka na nakalabas. Dalian mo’t tatanghaliin na talaga tayo sa daan. Lumabas ka na nga diyan. Open this door,” maawtoridad na utos nito.

Bumuntong-hininga siya. Kapag ganoon na ang tono ng kapatid, ibig sabihin lang ay naiinis na ito. Marahil ay inip na inip na ito. Napailing siya. Excited na kasi itong magpunta sa beach. Tumindig siya mula sa pagkakaupo sa gilid ng kama at binuksan ang pinto. Kumunot ang noo nito pagkakita sa kanya.

“Hindi ka pa rin nakabihis?” anito nang makitang nakasuot pa siya ng roba. Pumasok ito sa loob ng kuwarto niya at sinulyapan ang mga gamit na dadalhin niya na nasa gitna pa ng kama. Humalukipkip ito at pinagtaasan siya ng kilay. “May plano ka ba talagang sumama, ha? Bakit hindi pa nakaayos pati mga gamit mo?”

Nginitian niya ito. “Ate Aimee, relax, okay? Mabilis akong kumilos. Pinipili ko pa kasi ’yung dadalhin kong mga damit.” Isang linggo silang mag-i-stay sa Infanta kung saan naroon ang resort na ipinagmamalaki ng barkada isang kapatid niya. “Hindi aalis ang dagat na pupuntahan natin. And besides, wala pa si Gina,” tukoy niya sa nobya ng kapatid nilang si Chesper.

“Alam mo. handa na ang lahat maliban sa iyo,” ismid nito.

Pinaikot niya ang mga mata. “Masyado kang atat mag-outing.”

“Gan’on talaga pag sabik makalaboy, ’no. Hala, sige na. Bilisan mo na diyan.”

“Yes, Ate.”

Palabas na ito nang pumasok ang mommy nila. “Hindi ka pa rin tapos mag-ayos?” Bagaman halatang gulat din ito na hindi pa siya handa ay hindi ito nagtaray tulad ng kapatid niya. Malambing at malumanay ang kanilang ina.

“Tapos na po, Mommy. Namimili lang ho ako ng mga idadagdag kong damit,” nakangiting sagot niya.

Tumango ito. “Wala pa rin si Gina,” anito. “Anak,

tawagan mo na nga siya sa kanila. Pakitanong na rin kay Wilma kung di talaga siya pupunta.” Best friend nito ang ginang, ina ni Gina. Hindi na raw ito sasama kung hindi rin lang makakasama ang kaibigan nito.

“Okay, Mom.” She dialed Gina’s landline using the extension in her room. Ang kasambahay ng mga ito ang sumagot. Ibinaba niya ang receiver nang matapos ang tawag.

“Nakaalis na daw po si Gina, Mommy. Paparating na siguro iyon.”

“Eh, si Wilma?” tanong nito.

“May importanteng lakad daw po si Tita kaya di talaga makakasama.”

“O, siya. Lalabas na ako. Siguro ay susunod na lang kami ng Daddy mo kung magbago ang isip ko.”

“Matatapos na po ako.”

“Naku, dalian mo,” anang ate niya. “Inip na rin iyong mga kasama natin sa labas. Kanina pa sila naghihintay sa van. Nakakahiya sa kanila. Baka sabihin, eh, sabit na nga lang tayo para pa tayong mga pagong kung kumilos.”

“Oo na, oo na.”

Mabilis niyang inempake ang mga gamit sa kanyang backpack at lumabas na ng silid.

Bunso siya sa kanilang apat na magkakapatid. Ang panganay ay ang kanilang Kuya Frank, sumunod dito ang Ate Aimee niya at pangatlo ang kanyang Kuya Chesper.

Ang totoo ay tinatamad siyang sumama sa outing na iyon dahil hindi makakasama ang pinsang si Kimberly. Wala siyang makaka-jamming. Hindi sila gaanong makakapag-usap ni Gina dahil laging nakadikit ito sa Kuya Chesper niya.

Hindi raw kasi pinayagan ng boss nito si Kimberly na mag-leave ng limang araw. Sekretarya ito ng presidente ng isang lending firm.

Paglabas niya ng bahay ay agad siyang nakasalo ng kantiyaw mula sa mga kabarkada ng Kuya Frank niya. Paano ay siya na lang ang hinihintay. Nandoon na si Gina. Dapat daw ay *Maria Clara* ang ipinangalan sa kanya dahil sa bagal niyang kumilos.

Pagsakay niya sa van ay kinandong niya ang kanyang bag. Sa labas niya itinuon ang kanyang paningin. Hindi siya natulog kahit mahaba ang biyahe nila. Maganda kasi at nakakaaliw pagmasdan ang mga bundok at punong nalalampasan nila. Tahimik

lang siya hanggang sa marating nila ang resort. Nakita niya ang billboard.

Pacific Paradise Hotel and Resort.

Iyon daw ang pinakadinarayong resort doon. Nakita niyang maraming nakaparadang mga sasakyan sa parking lot ng resort. Ibig sabihin lang ay maraming tao na nilulubos ang bakasyon.

Second week na ng April. Bakasyon na sa eskuwela. Simula nang magtapos ang klase ay wala nang gaanong iniintindi si Lynn. Pre-school teacher siya sa isang pribadong paaralan.

Sa entrance ng resort ay may sumalubong at bumati sa kanilang lalaki. Iginiya sila nito sa reception area ng hotel. Reserved na ang kanilang mga suite at cottages. Kukunin na lang ang keys sa front desk. Hinayaan na niya ang mga kasama na mag-asikaso niyon. Naupo siya sa sofa sa lounge area.

Napaangat ang tingin niya nang pakiramdam niya ay may nanonood sa kanya. Nahuli niyang nakatingin sa kanya ang isang empleyado ng hotel... base sa unipormeng suot nito.

Bellboy siguro, naisip niya. In fairness, guwapo.

Kunsabagay, karamihan talaga sa mga kinukuhang

staff sa hotel ay iyong magaganda at talagang may hitsura.

Lumaban siya ng titigan sa pag-aakalang mag-iibas ito ng tingin ngunit sa halip ay ngumiti pa ang lalaki sa kanya. Bagaman nabigla ay tumango siya sa direksyon nito. Siya tuloy ang nag-iwas ng tingin.

Ibinaling niya ang mga mata sa dingding. Simple ngunit elegante ang lugar, at maaliwalas doon. Sky blue at puti ang pintura ng mga pader. May ilang malalaking paintings na naka-display. The place was simply perfect.

Mula sa puwesto niya—through the glass wall—ay kitang-kita ang animo’y kumikislap-kislap na tubig ng dagat. Tanaw rin niya mula roon ang mga tao na halatang nag-e-enjoy sa beach.

Napalingon siya nang maramdamang may lumapit sa kinauupuan niya.

“Mag-isa ka sa kuwarto, ha,” anang Ate Aimee niya.

“Bakit?” napasimangot na tanong niya.

“Wala na kasi silang room for two, eh. Wala na rin daw extra bed. Eh, ayaw kitang kasama sa kuwarto. Mabo-bore lang ako sa iyo. Kaya kami ni Gina ang

magsi-share ng room. Ikaw na lang ang magsolo, okay?”

Tumango na lang siya. “Okay lang.” Hindi siya ang magbabayad kaya wala siyang karapatang umangal.

Treat iyon ni Branden, barkada ng Kuya Frank niya. Birthday nito last week, kaya napagkasunduang mag-outing.

Sinamahan sila ng bellboy sa hallway papunta sa kanilang mga kuwarto. Muli niyang sinulyapan ito.

Wrong move.

Nakatingin din ito sa kanya. Mabilis siyang nag-iwas ng tingin. Ngunit may kung anong puwersa na nag-udyok sa kanya na sulyapan muli ito. At nahuli nito ang paglingon niya. Tila hindi iyon pansin ng mga kasama niya na abala sa pagkukuwentuhan habang naglalakad sa hallway.

Ilang sandali pa ay nakapasok na ang mga kapatid niya at iba pang kasama sa kuwartong gagamitin ng mga ito. Siya at si Branden na lang ang natitirang naglalakad kasama ang bellboy.

Neat ang hotel staff. Kahit nakasuot lang ito ng simpleng puting polo-shirt na may logo ng hotel, khaki

walking shorts, at sneakers ay hindi maipagkakaila na may dating ito. He was the epitome of tall, dark and handsome. Kaya siguro hindi rin niya mapigilang sulyap-sulyapan ito. Kung hindi siya nagkakamali ay naglalaro lang ang edad nito sa beinte-ocho hanggang sa treinta'y uno. Para itong modelo maglakad kahit bitbit-bitbit ang ilang mga gamit nila.

Makisig ito at tamang-tama lang ang pangangatawan. Mukhang alaga iyon sa ehersisyo.

Baka regular sa gym...

Ipinilig niya ang ulo nang mapagtanto kung ano ang mga tumatakbo sa utak niya.

“Ang layo yata ng kuwarto natin kina Ate at Kuya?” puna niya, kay Branden nakatingin.

“Ah, Ma'am, di ba sa Room 206 kayo?” sabad ng bellboy.

Bahagya pa siyang napapitlag pagkarinig sa boses nito. He had the sexiest male voice she'd ever heard. Nang bumaling siya rito, may kakaiba sa ngiti nito sa kanya.

“Ha?” Nahalata ba nito na pinagmamasdan niya ito kaya wala sa loob ang ginagawa niyang paglalakad? Nalampasan na ba nila ang kuwarto

niya?

Napalunok siya. Pakiramdam niya ay namumula ang buong mukha niya. Base sa pagkakatingin nito ay para bang nabasa nito ang itinatakbo ng utak niya. Hindi na uli siya naglakas-loob na sulyapan ito.

“Sa second floor pa po kayo,” anito.

“It’s okay, Lynn,” ani Branden bago siya nakasagot. “I’ve stayed here before. Malapit lang ’yun dito sa kuwarto ko. Bababa ka lang ng hagdag iyan.” Itinuro nito ang kalapit na stairway.

She looked at Branden. Tinanguan niya ito. “Thanks.”

“Kapag may kailangan ka katukin mo lang ako dito, Baby, okay?” dagdag nito.

Tumango lang siya ulit. Nagpaalam ito na ipapasok lang saglit ang mga gamit nito sa silid na binuksan at lumabas din agad sa hallway pagkatapos.

Napasulyap muli siya sa bellboy habang inilalock ni Branden ang kuwarto nito. Nakatingin ito kay Branden. Ngunit nang tila maramdaman na nakatingin siya rito ay ibinaling ang tingin sa kanya. Parang nagtatanong ang mga mata nito.

Muli siyang nag-iwas ng tingin. Inihatid siya ng

Hotter Than Summer - Bella Miara

bellboy at ni Branden hanggang sa gagamitin niyang silid.

2

Nasa parteng mababaw lamang ang karamihan sa mga nagsisilangoy na natatanaw ni Lynn. Siguro gaya niya ay hindi rin marunong lumangoy ang mga iyon. Napangiti siya nang mapatuon ang mga mata sa dalawang matandang nasa pampang lang habang magkahawak-kamay na naglalakad-lakad. Pareho nang maputi ang buhok ng mga ito pero panay pa rin ang ngitian at titigan.

Sweet, aniya sa isip.

Nakakatuwang makakita ng may-edad nang mga lovers na para bang hindi nagbago ang pagtitinginan sa kabila ng paglipas ng maraming taon. Iniisip niyang masaya at makulay ang pagsasama ng dalawang matandang abot-tanaw niya.

Mabuti pa sila.

Bumuntong-hininga siya. Ibinaling niya ang paningin sa mga nagsa-sunbathing. Maiinggit lang siya kapag itinuloy pa niya ang pagtanaw sa iba pang lovers na nasa resort.

Siya kaya, may happy ever after din? Mahahanap kaya niya ang lalaking mamahalin at magmamahal

sa kanya nang totoo at walang hanggan?

She was such a hopeless romantic. Kaya hindi siya basta-basta tumatanggap ng manliligaw. Hindi sa suplada siya o anupaman. Ayaw lang niya na paasahin ang lalaki kung alam din niyang wala iyong mapapala unang kita pa lang. At ang batayan niya ay kung umpisa pa lang ay wala na siyang maramdaman na kahit na ano. Hindi niya alintana ang maghintay nang matagal para sa tamang lalaki.

“Lynn!”

Nalingunan niya si Branden na humahangos palapit sa kanya.

“O, bakit?” Lumayo talaga siya sa mga kasamahan dahil itinutukso siya ng mga ito sa binata.

“Gusto mo bang samahan kita sa pamamasyal mo?”

“Ha? Ah, eh... I’m sorry, Branden. Pero mas gusto ko kasing mamasyal mag-isa.”

Halatang na-disappoint ang lalaki. Gayunpaman ay ngumiti pa rin ito.

“Gan’un ba? Okay, sige. Pero sana sa susunod na yayain kita huwag ka nang tumanggi, ha? Para rin hindi ka nila tuksuhin na man-hater.”

“O-okay.” Pilit siyang ngumiti.

Iniwan na siya nito pagkatapos siyang sabihan na mag-ingat at huwag masyadong lalayo. Tumango lang siya.

Maganda talaga ang paligid kaya hindi niya namalayang napalayo na siya ng paglalakad. Hindi na niya matanaw ang maraming tao na kanina lang ay pinapanood niya.

“Mukha ngang napalayo ako, ah,” nasambit niya.

Kakatwang hindi siya nakaramdam ng pagkabahala. Hindi niya alam kung bakit, pero palagay talaga ang loob niya sa lugar.

Nagkibit-balikat siya at naupo na lang muna sa ibabaw ng isang malaking batong nakita niya paharap sa dagat. Ipinikit niya ang mga mata at dinama ang malamig at sariwang hangin na dumadampi sa kanyang mukha. She smiled, enjoying the sound of the waves and the calming effect of the sea breeze.

“Hi!”

Napapitlag siya nang marinig ang pamilyar na tinig na iyon. Awtomatikong nagmulat ang mga mata niya at natutok iyon sa lalaking nasa harap niya. Napalunok siya pagkakita sa guwapong mukha

ng bellboy. Hindi man lang niya naramdaman ang paglapit nito.

“I-ikaw? What are you doing here?” medyo mataray pang tanong niya. Hindi niya nagustuhan ang pagkabog ng dibdib niya dahil lang nakita niya ito. Tahimik niyang sinita ang sarili.

Pati mga mata nitong nakatutok nang husto sa mga mata niya ay nakangiti. Expressive ang mga mata nito. Parang nakakatunaw kung tumingin. Hindi nakakabastos ngunit aaminin niyang nakakakilig. At nakakailang. Subalit kahit nararamdaman niyang namumula na ang mga pisngi niya dahil sa pagmamasid sa kaguwapuhan nito at kagandahan ng mga mata ay hindi niya maalis-alis ang tingin dito.

She didn’t know why exactly, basta hindi niya maiiwas ang tingin sa binata. Nagkibit-balikat ito at balewalang lumapit pa sa kinauupuan niya.

“Sinundan kita nang makita kitang naglalakad mag-isa.”

Hindi niya inaasahan ang prangkang pagsasabi nito niyon. Ngunit hindi niya ipinahalata ang pagkabigla niya.

“Hindi ka dapat masyadong naglalalayo sa resort. Baka mapahamak ka pa, babae ka pa naman.” Hindi

niya alam kung imahinasyon lang niya ang concern sa tinig nito.

Inignora niya ang tila mainit na bagay na humaplos sa puso niya kung nag-aalala nga ito sa kanya.

“Napansin kong hindi ka gaanong nakikisalamuha sa mga kasama mo. Ang sasaya nila d’un pero nag-iisa ka dito, malayo sa mga tao. May I ask why?”

Kumunot nang bahagya ang noo niya. Binabantayan ba siya nito?

“Gusto ko lang mag-isa,” tipid na sagot niya.

Tumango-tango ito. Akala niya ay iiwan na siya nito dahil sa simpleng pagpaparinig niya kaya nagulat siya nang tumabi ito sa pag-upo sa malaking bato nang walang paa-paalam. At nang ngumiti ito sa kanya ay nakalimutan na niyang magtaray.

“Bawal nga palang maligo dito nang nakaganyan,” anitong ang tinutukoy ay ang suot niya.

Niyuko niya ang sarili. Naka-puting T-shirt siya at pantalong maong na nakatupi ang laylayan hanggang sa tuhod.

“Hindi pa naman ako maliligo, ah,” aniya. Sinimangutan niya ito.

“Alam ko. Binibiro lang po kita.” Nag-iwas siya ng tingin dito. Muli niyang itinutok ang tingin sa maalong dagat. “By the way, I’m Danny Jimenez.”

Muli siyang napalingon sa lalaki nang magsalita ito. Nag-alinlangan siyang tanggapin ang pakikipagkamay nito. Ngunit sa huli ay natalo ulit ang pagnanais niya na ignorahin ito.

“Lynn,” simpleng pakilala niya sa sarili.

Sinambit nito ang pangalan niya at ngumiti nang makahulugan.

“Mabuti na lang at dito kayo nagpunta sa resort namin.”

“Hmm, sabit lang ako sa lakad ng mga kapatid ko at barkada nila. Ang sabi kasi ni Branden ito daw ang pinakamagandang resort dito sa Quezon, eh. Totoo ba iyon?” biro niya.

Natawa ito. Ang guwapo pati dating ng tawa nito. “Aba, oo! At tinitiyak kong mawiwili ka dito.”

Tinaasan niya ito ng kilay. Nagpigil siyang ngumiti. “Talaga lang, ha?”

“Talaga! Gusto mo pa i-tour kita sa mas magagandang spot dito sa buong resort. Ililibre pa kita ng jet ski ride kahit ilang oras.”

His offer was tempting. Hindi pa siya nakakapag-jet ski sa tanang buhay niya. Pero pinigilan niya ang sariling umoo rito.

“Bakit nga pala pinapabayaan ka n’ung boyfriend mo na mag-isa?” mayamaya ay tanong nito.

“Ha? Boyfriend? Sinong boyfriend? Wala akong boyfriend.”

Natawa ito. Wala sa mukha nito ang pagkapahiya, bagkus ay mukhang naaliw ito sa nalaman.

“That’s good to hear.”

Good? Para sa isang malapit nang tumandang dalaga na gaya niya ay hindi *good* iyon. She was twenty-seven years old already! Naningkit ang mga mata niya nang may maisip siya. He seemed... interested. Well, it wouldn’t do him any good. Hindi siya mahuhulog dito dahil lang guwapo ito. Ito ang tipo na malabong magseryoso sa isang babae.

“Akala ko kasi boyfriend mo siya. Narinig ko kasi kanina na tinawag ka niyang ‘Baby’.”

“Ah, iyon? Tawag lang niya iyon sa akin. Ako kasi ang bunso sa grupo.”

“Ahh. Gan’on pala.”

“Hindi ka kaya mapagalitan ng amo mo? Oras ng trabaho wala ka sa puwesto mo.” She tried to sound flippant.

“Ha?”

“Hindi ba bellboy ka d’un hotel? Huwag mong sabihin na lifeguard ka rin?”

Bumadha ang pagkagulat sa mukha nito ngunit sandali lang iyon. Mayamaya ay nakangiti na uli ito, naiiling.

“Don’t worry, mabait ang may-ari nitong resort. Hindi niya ako pagagalitan dahil lang wala ako sa puwesto ko.”

Hindi siya sigurado kung bakit parang sarkastiko ang pagbigkas nito sa salitang ‘puwesto’.

Mahabang katahimikan ang namagitan sa kanila nang mga sumunod na sandali.

“Lynn, ano’ng buo mong pangalan?”

“Secret.”

Natawa ito nang mahina. “Ang daya mo. Ako sinabi ko sa iyo ang pangalan ko pati na apelyido ko.”

“Bakit ba gusto mong malaman? Guest n’yo lang kami dito, ah.”

“Well, that’s one reason. Kailangan naming makilala ang mga guests namin in order to serve them better.”

“Gan’on? Ang alam ko ay bawal ang fraternizing with hotel guests. Di ba mandatory iyon sa hotels?”

Tumawa ito. “Iba dito.” Naroon ang pagbibiro sa kinang sa mga mata nito habang nakatitig sa kanya. Tumikhim ito, saka itinutok ang paningin sa dagat. O sa kawalan ba ito nakamasid? “Anyway, would you run away if I admit why I really want to know you more?”

Nahihiwagaan siya rito. He sounded too educated to be a mere hotel staff. Lihim niya ulit sinita ang sarili. Bakit ba napaka-judgmental niya? Anong malay niya kung mataas ang pinag-aralan nito at iyon talaga ang gustong trabaho? Hindi lahat ng tao ay ambisyoso.

“So, bakit gusto mong malaman ang buong pangalan ko?” tanong niya kahit may ideya na siya kung ano ang totoong motibo nito sa kanya.

Tinitigan siya nito. Parang may mainit na kamay na muling humaplos sa puso niya. Parang bigla siyang nauhaw dahil lang sa simpleng pagtitig nito. Napalunok tuloy siya.

“Let’s just say that you enchant me.”

Bigla siyang natawa. Sandaling-sandali lang iyon. Bigla rin siyang pumormal.

“I haven’t heard that word in a long time.” May gumagamit pa pala ng salitang iyon sa panahon ngayon? Akala niya sa theme parks na lang.

Isa pa, prangka ang lalaki. Ang inaasahan niya ay derechong sasabihin nitong na-attract ito sa kanya at hindi na-‘enchant’.

Walang imik na basta na lang siya tumayo at umalis mula sa pagkakaupo sa malaking bato.

“Alam mo, kung anuman iyang binabalak mo, huwag mo nang ituloy,” aniya habang pinapagpag ang pang-upo niya. “Wala kang mapapala sa akin. Goodbye, Danny.”

Kung ang iba ay iniwasan niya dahil wala siyang kahit anong naramdaman, iba sa kaso ni Danny. Parang sobra ang pagkaakit na nadarama niya para sa lalaki. Noon lang niya naranasan iyon, at medyo natatakot siya.

“Lynn...” In a second or two, nasa tabi na niya uli ito. Nagulat na lang siya nang hapitin siya nito sa baywang gamit ang isang kamay. Ang isa pa ay

inilagay nito sa likod ng kanyang ulo.

Nanlaki ang mga mata niya sa sumunod na ginawa nito. He brushed his lips on hers. Hindi siya nakagalaw sa sobrang pagkabigla at sa bilis ng mga pangyayari. Para siyang tuod na nagpaubaya sa mainit na halik nito. Ngunit mayamaya lang ay kusang pumikit ang mga mata niya at namalayan na lang niya ang sariling tumutugon sa halik nito sa paraang alam niya.

The whole thing was ridiculous. Sinigawan, pinagalitan at pinagsabihan niya ang sarili sa isip na lumayo na rito habang maaga pa. Ngunit base sa reaksiyon niya rito at sa masuyo nang paghalik nito ay huli na ang lahat. Hindi niya maitatanggi sa sarili na matindi ang atraksyon niya para rito.

Nang makabawi at makakalas dito ay mabilis siyang tumalikod at tumakbo palayo. Tinatawag siya ng lalaki pero ni hindi siya lumingon. Ang tanging iniisip niya—hindi na niya uli ito hahayaan pang makalapit sa kanya.

3

Mas binilisan ni Lynn ang mga hakbang nang makita si Danny sa lobby. May kausap itong magandang babae. Nakita niya kung paano ito gumanti ng yakap sa dalaga pagkatapos itong yapusin ng huli. Iniiwas niya agad ang tingin sa mga ito. Lalabas sana siya para magpahangin sa dalampasigan, kung di man maki-join sa pagbo-bonfire ng mga kasamahan niya ngunit nagbago ang isip niya. Magkukulong na lang siya sa kuwarto. Wala siyang pakialam kung kantiyawan na naman ng mga kapatid niya at ng barkada ng mga ito na killjoy. Basta ang mahalaga ngayon ay ang makaiwas siya kay Danny at huwag makaramdam ng kahit katiting na selos sa eksenang nakita niya.

Hindi niya rin alam kung paano niya pakikiharapan ito pagkatapos ng eksena sa dalampasigan. Nalilito siya sa sarili at sa mahiwagang damdamin na pinukaw nito sa kanya sa isang iglap. Pakiramdam niya ay naakit na siya nito sa isang kisapmata lang.

Bakit siya pumayag na hagkan ng isang estranghero? To think na hindi niya ito lubos na kilala. Pangalan lang nito ang alam niya. Malay ba

niya kung ganoon talaga ito kabilis sa babae. Paano kung hindi lang siya ang babaeng sinamantala nito? Hindi malayo iyon. Buhay na pruweba siya na mahirap itong tanggihan.

Ngunit kahit anong pilit niya sa sariling kalimutan na ang katangahan ay hindi mawaglit-waglit iyon sa isip niya.

“Lynn, wait!” Danny called.

Nakagat niya nang mariin ang kanyang ibabang labi nang maramdaman ang mainit nitong palad sa kanyang braso. Naabutan siya nito sa tapat ng pinto ng kanyang kuwarto. Kuntodo ang pigil niya na huwag itong tingnan ni sulyapan. Nahiling niya na sana ay hindi nito mapansin ang pangininginig niya habang ipinapasok ang susi sa keyhole.

“What’s your problem? Bakit bigla ka na lang tumakbo?”

“H-hindi ako tumakbo. Naalala ko lang na may naiwan ako sa room ko kaya ako bumalik dito.”

Nagdududang tingin ang ipinukol nito sa kanya. “Iniiwasan mo ba ako?” tanong nito. Pinigilan siya nito nang akmang papasok na siya sa loob.

“B-bakit naman kita iiwasan? Hindi lang kita

napansin. May naiwan lang talaga ako na kailangan kong kunin.”

Gusto niyang isipin nito na balewala lang sa kanya ang namagitan sa kanila. Gusto na rin niyang simangutan at murahin ang sarili. Bakit ba siya nagpapaliwanag dito? Wala itong karapatan sa kanya at wala rin siyang pakialam dito.

“Talaga? Hindi mo ako napansin? Pero nakita kitang nakatingin sa direksyon ko kanina.”

“Akala mo lang iyon. Excuse me.” Pumiksi siya.

Pinigilan uli siya si Danny. Napatingin siya sa kamay nitong nakahawak pa rin sa kanya. Pagkuwa’y ibinalik niya ang tingin sa mukha nito. Ngali-ngali siyang mapailing dahil sa kaguwapuhan at lakas ng appeal nito. Biglang bumaba ang tingin niya sa mga labi nito. Parang kumaripas ng takbo ang puso niya dahil bumilis ang tibok niyon.

Nang magtama ang mga mata nila ay muli siyang nakaramdam ng init sa kaibuturan niya. Kinastigo niya ang sarili sa isip. How could she feel such reaction to a man she’d just met?

Tinangka niyang dumistansya rito ngunit hindi siya nito hinayaan. Bagkus ay lalo pa siya nitong hinapit palapit sa katawan nito. Lumapat ang mga

kamay niya sa matipuno nitong dibdib. She could feel the fast beating of his heart. Nang matapat ang ilong niya sa leeg nito ay nalanghap niya ang banayad na scent ng musk na gamit nito.

It smelled... expensive. Kunsabagay, marami namang mababangong imitation. There she was again. Nagiging judgmental sa kapwa. Hindi siya dating ganoon. Naiinis na siya sa sarili niya.

“Lynn,” he whispered.

Nang tingalain niya ito ay napalunok siya. Sa mga labi niya ito nakatingin, namumungay ang mga mata. Bakit may pakiramdam siya na gusto na naman siyang hagkan nito? At ang pasaway pa niyang utak ay nagbubuyo rin sa kanya na hagkan ito.

Well, maybe she had to taste his tempting mouth once more to satisfy her curiosity. Then she'd be able to finally put that kissing scene—and of course, him—out of her head. Kaya nang bumaba ang mukha nito sa kanya ay sinalubong niya ang halik nito.

Kumawala ang isang mahinang ungol sa kanyang lalamunan nang pinalalim pa nito ang paghahalikan nila at humigpit ang pagkakayakap nito sa kanya. Narinig niya ang pag-click ng seradura ng pinto. He'd pushed her inside her room without letting go of her

mouth. Nadoble ang kaba sa dibdib niya. Hindi dahil sa takot o anupaman. She knew she was excited. And thrilled... thrilled about what would happen next.

Danny felt Lynn's trembling body against his. And he swore he could hear not just his own heart thumping but the loud thundering of hers. Ngayon lang ulit siya nakadama ng ganoong pananabik. Na para bang sasabog ang puso niya sa bilis at lakas ng tibok niyon.

Nakilala agad niya ang damdaming iyon na akala niya ay nakalimutan na niya. Minsan na niyang naramdaman iyon. Sa una't huling babaeng minahal at pinag-alayan niya ng buong buhay at puso niya. At akala niya ay totoo iyon nang mga panahong iyon.

Pero ibang-iba ang sitwasyon ngayon kumpara noon. Nahumaling siya noon sa ex-girlfriend na si Cynthia. Wala siyang pakialam kung ang dating nobya ang mas aggresive sa kanila pagdating sa intimacy. Ayos lang kahit ito ang laging nag-i-initiate ng halik, ang laging nauunang mag-aya na makipagtalik noong sila pa.

Maraming nagpayo noon sa kanya na layuan niya ang babae maaga pa lang dahil hindi umano maganda

ang reputasyon nito pagdating sa mga lalaki. Dating sexy model si Cynthia. Wala na siyang balita rito, malamang nalaos din agad tulad ng iba na sandali lang sumikat. Nakilala niya ang babae noong maging guest nila ito sa resort dahil sa pictorial nito para sa isang men's magazine.

Kabilang ang parents niya sa nagpayo na huwag niyang papatulan si Cynthia kahit ano ang gawin nitong pang-aakit sa kanya. Pero hindi siya nakinig. Noong una ay attracted lang talaga siya sa babae, pero hindi naglaon, nang maging sila, ay minahal na talaga niya ito. Marami siyang naririnig na malalaswa at pangit na komento patungkol dito ngunit inignora niya ang mga iyon dahil naniwala siyang totoong mahal siya ng dalaga. Binalewala niya ang lahat ng masasakit na paratang sa relasyon nila nito.

Aaminin niyang hanggang ngayon ay hindi pa gaanong hilom ang puso niya sa nangyari sa kanila ni Cynthia. Hindi pa rin niya makalimutan hanggang ngayon kung paano siya nito pinagmukhang tanga sa harap ng lahat ng dumalo sa araw ng dapat ay kasal nila. Iniwan siya nito nang mismong araw na iyon at sumama sa ibang lalaki.

Yes. He was jilted at the altar. He was a fool to believe that he was loved back by the woman he first

cherished. He was a playboy before she met Cynthia. Nang mawala ito sa buhay niya, bumalik siya sa dating gawi. Mas iningatan nga lang niya ang sarili. Naglagay siya ng malaking harang sa kanyang puso upang wala nang makapanakit pa sa kanya.

He wouldn't let any woman enter his heart again. Ayaw na niyang masaktan uli. Sabihin nang tanga siya para iwasan ang pag-ibig subalit buo na ang pasya niya. Hinding-hindi na siya magmamahal pa. Kontento na siya sa pakikipag-fling sa mga babae na adventure din ang hanap tulad niya.

But now... he didn't know. Hindi na siya sigurado sa mga gagawin mula nang makilala niya si Lynn. Ito ang nag-iisang babae na totoong nakapukaw kanyang atensyon pagkatapos ng matagal ding panahon. Ibang-iba ang nararamdaman niya para rito kumpara sa mga babaeng naka-fling niya.

Ang totoo ay wala sa hinagap niya na maaakit siya dito. She was way too simple compared to his usual taste. Ni wala itong makeup o kahit na anong burloloy sa katawan. And she felt... innocent.

Baka kaya siya naakit. Hinuha niya ay wala pa itong karanasan. Ramdam niya iyon sa paraan ng pagganti nito ng halik at haplos sa kanya. Nanginginig ang mga kamay nito ngayon habang hawak niya. At

halatang hindi rin ito sanay na humalik. No, hindi talaga ito marunong humalik.

Damn.

Ayaw na niyang mag-isip.

Nang maramdaman niya ang panlalambot ni Lynn ay binuhat na niya ito at maingat na inilapag sa kama. Ilang sandali pa niyang ninamnam ang matatamis nitong labi bago ito pinakawalan mula sa mainit niyang mga haplos at mahigpit na yakap. Baka tuluyan na siyang mawala sa katinuan kung hindi pa niya titigilan ang paghalik dito.

He wasn't going to change his mind about dismissing love though. He wouldn't reform just because a simple woman with hypnotic dark eyes, soft body and sweet lips managed to stir up his hormones. Kaya bago pa siya madala sa nakalulunod na kabanguhan at kalambutan ng balat at katawan nito ay kumalas na siya rito.

Kapwa sila hinihinala. Nginitian niya ito. Namumula ang buong mukha nito, hindi makatingin nang derecho sa kanya. Marahil ay nahihiya dahil nadala muli sa pangahas na pangahalik niya rito.

He touched her kiss-swollen lips with his right thumb. Nagtama ang mga mata nila. At muli, hindi

niya naiwasang titigan ang buong kagandahan nito. Her face was delicately pretty, perfect brows with dark brown eyes and curly lashes, and her mouth, thin and pink... inviting. Even without makeup, she possessed an extraordinarily innocent beauty that was really hard to ignore. She was quite small but her body was perfectly proportioned and completely female.

Umawang ang mga labi nito, tila may nais sabihin subalit hindi ito makapagsalita.

“I’m sorry, Sweetheart. Hindi ko sinasadyang hagkan ka ulit nang basta-basta. Patawarin mo rin ako kung pumasok ako sa kuwarta mo nang walang pahintulot. Lalabas na ako. Baka may kumatok pa sa pinto mo at makita nilang nandito ako sa loob kasama mo. Ayoko namang magka-scandal. Ayokong masira ang maganda at malinis kong reputasyon,” pagbibiro pa niya, at kinindatan ito.

Hindi ito natawa. Nabasa niya ang halo-halong emosyon sa mga mata nito habang nakatingin sa kanya. Desire and confusion were written in her beautiful eyes. She also looked hurt.

Kinintalan niya ng halik ang noo nito. “Come on. Don’t look at me like that. Ikaw kasi, inakit mo ako. I’m sorry pero hindi kita mapagbibigyan ngayon.”

Dinaan na lang niya sa biro ang lahat. “Baka hanapin ako ng bossing ko’t makita pa niyang wala ako sa puwesto ko, di ba?”

“W-wala akong sinabing—”

Mahina niyang kinurot ang tungki ng ilong nito. “I know, Sweetheart. I was just teasing you. Anyway, sige na. Lalabas ka, hindi ba? Ano nga ba uli ang babalikan mo ’ka mo dito?”

“Ahm, iyong... c-cellphone ko.”

Tumango siya at saka tumindig na. “Sige, lalabas na ako.”

Tumango lang ito. Nasa pinto na siya nang muli niya itong lingunin. Nakatitig pa rin ito sa kanya. He smiled. Inilang hakbang niya ang pagitan nila. At nang nasa harap na siya nito ay muli niya itong kinabig para sa isang marubdob na halik.

“W-why do you keep on kissing me?” anas nito.

Muntik na siyang mapailing dahil sa kainosentehan nito. Instead, he embraced her and kissed her temple. “Because you make me lose control.”

“Hmm?”

“Wala. Sige na. Lalabas na talaga ako. Baka ma-

rape mo pa ako.”

Bago pa ito makapag-react ay nakaalis na siya.